# Chinito

## Yeng Constantino

Mapapansin mo ba
Kaya ang tulad ko
Kahit nasa sulok lang ng iyong mga mata
Mahuli mo kaya ang pagsulyap sa'yo
Kahit hindi naman ako ang iyong kaharap
Oh chinito
Balang araw ay, malalaman mo rin[Chorus:]
At kung ikaw ay nakatawa
Ako pa ba ay nakikita
Nalilimutan ko ang itsura ko
Kapag kausap na ikaw
Sana naman ako'y pakinggan
At nang ikaw ay malinawan
Dahil nabihag mo ang aking paningin at damdamin
Oh! Chinito... Chinito...Kung hindi inaantok
Kung hindi nasisilaw
Pwede bang malaman ko
May pag-asa pa kayang matatanaw
Bakit ba ang pungay ng bintana ng iyong mundo
Isang ngiti mo lang sakin
Ay baon ko hanggang sa pag-uwi
Oh chinito
Balang araw ay malalaman mo rin[Chorus:]
At kung ikaw ay nakatawa
Ako pa ba ay nakikita
Nalilimutan ko ang itsura ko
Kapag kausap na ikaw
Sana naman ako'y pakinggan
At nang ikaw ay malinawan
Dahil nabihag mo ang aking paningin at damdamin
Oh! Chinito... Chinito...Sana naman ako'y pakinggan
At nang ikaw ay malinawan
Dahil nabihag mo ang aking paningin at damdamin
Ah sige tawa lang nang tawa
Ako pa ba ay nakikita
Nalilimutan ko ang itsura ko
Kapag kausap na ikaw
Sana naman ako'y pakinggan
At nang ikaw ay malinawan

Dahil nabihag mo ang aking paningin at damdamin
Oh! Chinito... Chinito...

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/